# ABOUT THE EDITORS

**ISSUE EDITOR**

Nagtuturo si ROMULO P. BAQUIRAN JR. ng panitikan at malikhaing pagsulat sa Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman, Lungsod Quezon. Nakapaglathala na siya ng mga aklat ng tula at sanaysay—*Mga Tula ng Paglusong* (1992), *Onyx* (2003), *Kung Nanaisin* (2009), at *Ibig* (2017); *Sagad sa Buto* (2011), *Hiwatig* (2015), at *Aishite Imasu* (2021). Nakapagsalin din siya ng mga dula gaya ng akda ni William Shakespeare, Bertolt Brecht, Kalidasa, at Eugene O'Neill. Nagturo siya ng Tagalog at kulturang Filipino bilang Visiting Professor sa Osaka University noong 2014-2017. Isa siya sa mga editor ng *Concise Tagalog-English/English-Tagalog Dictionary* (2017) na inilathala ng Tuttle Publishing, Inc.

**ASSOCIATE EDITORS**

Si VICTOR EMMANUEL CARMELO DAELO "VIM" NADERA JR. ay propesor sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman kung saan siya nagtapos ng PhD Philippine Studies at naglingkod bilang Direktor ng Likhaan: UP Institute of Creative Writing. Noong 1985, itinanghal si Vim na Makata ng Taon ng Surian ng Wikang Pambansa habang siya ang editor-in-chief ng *Varsitarian*. Noon din niya sinimulan ang Ustetika Annual Awards for Literature. Inanyayahan siya—asama sina Ariel Dim. Borlongan, at Edwin Abayon—upang maging bahagi ng Rio Alma Poetry Clinic na kinalaunan ay naging Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA). Habang nasa sa UST Graduate School, siya ay inirekomenda ng makatang si Dean Ophelia Alcantara Dimalanta sa kakaibang Silliman University Semestral Writers Workshop noong 1989. Sa Silliman University, naging guro niya ang Pambansang Alagad ng Sining na Edith Tiempo at si Dr. Edilberto Tiempo na magkatuwang na nag-umpisa ng palihang pampanitikan sa Filipinas. Tumagal siya sa Dumaguete City upang sumali sa Silliman University Summer Writers Workshop noong 1990. Sa pagpasok ng Dekada '90, siya ay nagturo sa UST, University of the East, De La Salle University, at St. Paul's College (Manila)–bago siya pumasok sa UP College of Arts and Letters. Sa Department of English and Comparative Literature, pinagturo siya ng Performance Poetry sa imbitasyon ni Dr. Cristina Pantoja Hidalgo. Kaya, mula 1995 hanggang 2005, nakabuo siya ng maraming grupong nagtatanghal ng tula taon-taon. Naging bahagi siya ng Departamento ng Filipino at Panitikan

ng Pilipinas mula noong 1995 hanggang ngayong pinagtuturo siya ng Trauma at Malikhaing Pagsulat.

ANNA FELICIA C. SANCHEZ writes fiction and nonfiction. Her latest book is *Pics or It Didn't Happen and Actual Stories*, published by the UP Press in 2020. She has won prizes in the Free Press and Palanca literary awards, while her first fiction collection *How to Pacify a Distraught Infant: Stories* (UP Press) was a finalist in the 2018 National Book Awards. Her speculative fiction has been included in *Tales of Enchantment and Fantasy* (Milflores), *Pinoy Amazing Adventures* (PSICOM), *Nine Supernatural Stories* (UP Press), the *Likhaan* (ICW), and *Accessing the Future: A Disability-Themed Anthology of Speculative Fiction* (Futurefire), while her essays have seen print in the *Likhaan* and *Tomás* journals. An alumna of the UP, Silliman, and Iligan National Writers Workhops, she finished her bachelor's and master's degrees under the Department of English and Comparative Literature of UP Diliman, where she teaches literature and creative writing. She is the editor of *BRAVURA: An Anthology of 21st Century Fiction*, available online as a special fiction issue of the Journal of English Studies and Comparative Literature, and coeditor with Gabriela Lee of the forthcoming *Mapping New Stars*: *A Sourcebook on Philippine Speculative Fiction*. At present she is also an associate of the LIKHAAN: UP Institute of Creative Writing.

**MANAGING EDITOR**

Si AMADO ANTHONY "ARLO" G. MENDOZA III ay nagtuturo ng mga kurso sa panitikan at malikhaing pagsulat sa UP Diliman. Siya ang awtor ng nobelang *Aklat ng mga Naiwan* (Balangiga Press, 2018) na bahagi ng binubuong "Trilohiyang Reaksyonaryo" at isa mga patnugot ng antolohiyang *Ulirat* (Gaudy Boy, 2020). Bukod sa kaniyang malikhaing akda at pananaliksik na inilathala sa sa *Likhaan, Daluyan, Tomas, Talas, Southeast Asian Studies* (CSEAS, Kyoto University), *JONUS*, at iba pang publikasyon, isinalin din niya ang ilang akda ng mga batikang manunulat na Indones tulad nina Eka Kurniawan, Wiji Thukul, at Chairil Anwar sa Filipino.

**COPY EDITORS**

ARVIN ABEJO MANGOHIG is the author of *The Gaze: Poems* (University of the Philippines Press, 2003); *Bloodflow: A Lyric Sequence* (De La Salle University Publishing House/Central Books, 2012); *Lost Things* (Vagabond Press, 2017); *Martial Law: Poems for the Dead* (UST Publishing House, 2019) and *Tokhang Nation: Poems* (UST Publishing House, 2021).

He self-published his sixth book, *Contagion: Poems for a Pandemic,* on Amazon.

His seventh book, *The Lost Cats of Maginhawa: Poetry from Filipino Suburbia,* is already approved for publication under the UP ICW's Philippine Writers Series imprint.

Si ROGENE A. GONZALES ay nagtatrabaho bilang copy editor para sa UP Press at Likhaan: UP Institute for Creative Writing. Kasapi ng Sama-samang Artista para sa Kilusang Agraryo o SAKA at pana-panahong kontribyutor sa *Bulatlat, Pinoy Weekly,* at *Manila Today*. Nakapag-self publish siya ng mga koleksiyon ng mga tula kabilang na ang *Salita'y Sandata* (2013), *Diskonektado* (2015), at *Alitaptap* (2019). Kasalukuyan niyang tinatapos ang MA Filipino: Malikhaing Pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP Diliman.